Senior High School

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

Filipino sa Piling Larang (Isports)

Ikalawang Markahan-Modyul 7: Ang Interbyu sa Pagsulat ng Artikulong Sports

ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

Filipino sa Piling Larang (Isports)
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 7: Ang Interbyu sa Pagsulat ng Artikulong Sports
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Mary Jane G. Pensocas
Editor:	John Albert B. Colle
Tagasuri:	Mariel Eugene L. Luna
Tagaguhit:	Mary Jane G. Pensocas
Tagalapat:	May L. Borjal
Tagapamahala:	Malcolm S. Garma Dr. Jennifer F. Vivas Dennis M. Mendoza Micah S. Pacheco Madeline Ann L. Diaz Dr. Gina U. Urquia Mariel Eugene L. Luna

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – NCR

Office Address: Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
Telefax: 02-929-0153
E-mail Address: depedncr@deped.gov.ph

Senior High School

Filipino sa Piling Larang (Isports)

Ikalawang Markahan-Modyul 7: Ang Interbyu sa Pagsulat ng Artikulong Sports

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino sa Piling Larang (Isports) - Baitang 12 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Ang Interbyu sa Pagsulat ng Artikulong Sports.**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayanang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap Filipino sa Piling Larang (Isports) - Baitang 12 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Ang Interbyu sa Pagsulat ng Artikulong Sports** Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

Alamin	Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.
Subukin	Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawanang bahaging ito ng modyul.
Balikan	Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.
Tuklasin	Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.
Suriin	Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.
Pagyamanin	Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.

Isaisip	Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.
Isagawa	Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.
Tayahin	Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.
Karagdagang Gawain	Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.
Susi sa Pagwawasto	Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian	Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

Alamin

Ang araling ito ay magpapakita ng mga kahalagahan ng interbyu at paraan ng pagsulat ng isang artikulong pangisports.

Tatalakayin saunang yunit ng modyul ang sumusunod:

1. Ang Interbyu: Kahalagahan at Uri
2. Mga Hakbang Bago ang Aktuwal na Interbyu
3. Mga Hakbang sa Aktuwal na Interbyu

Sa araling ito, matutuhan mo ang mahahalahgang bagay na makatutulong sa iyong pag-aaral. Inaasahang malilinang mo ang kasanayang ito:

- Naipaliliwanag ang kahalagahan, kalikasan, at proseso ng piniling anyo ng sulating pang-isports (CS_FI11/12PS-0j- l-94)
- Nakapagsasaliksik ng datos kaugnay ng isusulat na piniling anyo ng sulating pang- isports (CS_FI11/12EP- 0m-o-44)



Subukin

Panuto: Isulat ang TAMA kung wasto ang ipinapahayag sa pangungusap at MALI naman kung hindi wasto.

_____ 1. Kailangang maghanda ng mga tanong bago magsagawa ng interbyu.
_____ 2. Sa pagsulat ng lathalain, nagdadagdag ng kulay at emosyon ang interbyu.
_____ 3. Sa pamahayagang sports, mga atleta lamang ang puwedeng interbyuhin.
_____ 4. Mahalaga ang siping pahayag o quotable quotes ng taong ininterbyu.
_____ 5. Kapag nag-iinterbyu, hindi na kailangang magsulat ng notes kung may dala namang recorder.

Aralin 7

Ang Interbyu sa Pagsulat ng Artikulong Sports

Kahalagahan ng Panayam o Interbyu

Natatangi ang pamahayagang sports dahil kakaibang pagsasalaysay ang mababasa sa mga artikulo rito. Maaksiyon at punong-puno ng emosyon ang mga ito at ang kadalasang nagbibigay ng kulay ay ang mga interbyu. mahalaga ng interbyu dahil mas nagiging malinaw at buhay ang mga paglalarawan at maaaring may dagdag pang impormasyon na mahahango lamang sa aktuwal na pakikipag-usap sa isang tao. Ang tuwa, lungkot, tagumpay, at kabiguan ay maihahatid sa mga pahayag o *quote* na isama sa artikulo.

Ang mga pahayag ay nagmumula sa mahalagang tao na may malaking partipasyon sa kuwento. Ang kanilang mga pahayag ang kokompleto sa emosyong nais iparating ng manunulat sa kaniyang mga mambabasa.

Ngunit hindi ganoon kasimple ang magsagawa ng ng interbyu. May mga tamang pagkilos na dapat sinusunod ng manunulat habang isinasagawa ito. Minsan, ang paglimot sa tamang pagkilos na ito ay maaaring magbunga ng hindi magandang relasyon sa pagitan ng manunulat at iniinterbyu, kaya't mahalagang tandaan at sundin ang mga ito upang maging matagumpay ang pakikipanayam.

Bago magsagawa ng interbyu, importante na may nakahanda nang mga tanong upang hindi mawala sa pokus ang manunulat. mahalagang balangkasin ng manunulat ang mga tanong bago magsagawa ng interbyu upang ipakita na siya ay handa sa kaniyang tungkulin bilang manunulat.

Balikan

Panuto: Piliin ang letra ng pinakatamang sagot

1. Ang pagiging _____ ang matinding kalaban ng isang sports column. Kung wala itong emosyon na naipararating sa mga mambabasa, bigo ito sa kaniyang tungkulin.
   A. nakapanghihikayat
   B. nakapang-aakit
   C. nakasisiya
   D. nakababagot

2. Sa sports column, kung gayon, importante ang motibo, ang damdaming nais iparating at ang paghuli sa _____ ng mga mambabasa.
   A. kiliti
   B. interes
   C. nais
   D. gusto

3. Ang sports columnist ay mayroon ding _____ na kaalaman sa iba't ibang paksa sa sports.
   A. malawak
   B. mahusay
   C. malalim
   D. marami

4. May katangiang _____ ang isang sports column. Minsan ay mga sensitibong isyu ang hinihimay ng mga kolumnista na nangangailangan ng malalim na pananaliksik tulad ng pagkuha ng iba't ibang panig at perspektiba sa isyung tinatalakay.
   A. analitikal
   B. kontrobersiyal
   C. aktuwal
   D. sikolohikal

5. Malawak ang _____ ng mga kolumnista dahil sa haba ng taon sa pagsusulat at gamay na nila ang wikang ginagamit dito. Kaya naman ang sports columnist ay isa sa pinakamahuhusay na manunulat ng seksiyon.
   A. kaalaman
   B. sakop
   C. network
   D. nagagawa

Mga Tala para sa Guro

Tandaan: Tiyaking nauunawaan at masunod ng mga mag-aaral ang mga panuto sa pagsasagot. Makatutulong kung basahin munang mabuti ng mga mag-aaral ang lahat ng bahagi at panuto bago ito simulan. Ipinaaalala rin ng guro ang pagpapahalaga sa katapatan sa pagsasagot at pagwawasto nito.

Tuklasin

Ang Interbyu o Pakikipanayam

Ano ang katuturan ng pakikipanayam? Ano ang kahalagahan nito sa pamamahayag? Sa mamamayan? Sino-sino ang dapat na kapanayamin? Ano-ano ang mga uri ng pakikipanayam?

Ang salitang pakikipagpanayam ay galing sa Tagalog. Panayam na katapat ng Ingles na Interview. Binibigyang-katuturan naman ito ng diksiyonaryong Webster na isang pakikipagpulong ng kinatawan ng pahayagan sa isang taong nais niyang kunan ng inpormasyong maisulat o mailimbag sa kaniyang sulating artikulo.

Sa pangkalahatan, ang interbyu ay isang gawain upang makakuha ng impormasyon sa isang tao (paksa ng interbyu) tungkol sa isang usapin sa lipunan. Maaaring ito ay opinyon, ideya, o anumang pahayag ng paksa tungkol sa isang bagay.

Sa pamamahayag, mahalaga ang interbyu bilang paraan upang makakuha ng mga detalye tungkol sa balitang sinasaliksik. Mula sa simpleng balita hanggang sa pinakakomplikado, mahalaga ang interbyu upang mabuo ang isang artikulo.

Tatlong Uri ng Interbyu sa Pamahayagan:

1. Informative Interview - humihingi ng impormasyon sa taong may kinalaman sa balitang isusulat.
2. Opinion Interview - nakatuon sa kuro-kuro ng isang tao sa isyung pinag-uusapan sa kasalukuyan.
3. Feature Interview - kailangang maglaan ng mahabang panahon sa uring ito ng interbyu dahil sa dami ng impormasyon kailangang makuha tungkol sa tampok na personalidad sa artikulo. Maaari ding interbyuhin ang mga taong malapit sa kaniya upang makakuha ng karagdagang detalye.

Mga Hakbang Bago ang Aktuwal na Interbyu:

1. Unawaing mabuti ang paksang pag-uusapan at alamin ang pokus, layunin, o tuon ng impormasyong nais malaman.
2. Magtakda ng lugar, araw, at oras sa taong iinterbyuhin.
3. Magsaliksik sa background ng paksa.
4. Maghanda ng borador ng mga tanong na mahalagang masagot sa interbyu.
5. Sa paghahand ang mga tanong, maging malinaw sa pakay ng interbyu at tiyaking nakaugnay ang mga tanong sa layunin nito.

6. Ihanda ang mga materyal na gagamitin sa internyu tulad ng panulat, papel, at recorder.
7. Dumating bago ang itinakdang oras ng interbyu.

Mga Hakbang sa Aktuwal na Interbyu:

1. Ipakilala ang sarili at banggitin ang publikasyong kinabibilangan.
2. Magpasalamat sa pagpapaunlak ng interbyu.
3. Bago magtanong, ipaliwanag ang layunin ng interbyu.
4. Sabihing ire-rekord ang buong interbyu upang maging mas tiyak sa impormasyon makukuha.
5. Tingnan sa mata ang ininterbyu.
6. Igalang ang off-the-record na pahayag ng iniinterbyu.
7. Kung may mga sagot na hindi gaanong maintindihan, ipaulit ito o hingian ang iniinterbyu ng karagdagang paliwanag sa magalang na paraan.
8. Magbato ng karagdagang tanong kung kailangan.
9. Hayaang magkuwento ang iniinterbyu.
10. Panghuli, magpasalamat.

Suriin

Panuto: Bukod sa mga atleta, maglista ng limang (5) tao na gusto mong interbyuhin sa pagpapalawak ng impormasyon na kailangan mo sa iyong artikulo. Tandaan, pumili ng mga taong may malawak na kaugnayan sa paksa ng iyong lathalain.

Pangalan ng mga Personalidad/Taong Maaaring Interbyuhin	Maikling Impormasyon sa Personalidad
1.	
2.	
3.	
4.	
5.	

Bibigyan ng marka ang iyong mga tanong at planong interbyu gamit ang mga pamantayan sa ibaba.

Mga Pamantayan	Puntos	Marka
1. Naaayon ang mga tanong sa paksang pag-uusapan.	5	
2. Maayos ang pagkakasunod-sunod ng tanong.	5	
3. Nakaugnay ang mga tanong sa layunin ng interbyu	5	
4. Malaki ang kaugnayan ng taong iinterbyuhin sa nais na paksa ng lathalain.	5	
KABUUAN	20 puntos	



Pagyamanin

Ikaw ay naatasang magsagawa ng interbyu sa isang kilalang manlalaro sa ating bansa. Bilang paghahanda bago ang aktuwal na pagsasagawa ng interbyu, mahalagang makapaglista muna ng mga tanong upang maisaayos ito. Kung ikaw ay bibigyang-laya na maglista ng mga tanong, ano-ano ang mga itatanong mo sa iyong iinterbyuhin.

1.
2.
3.
4.
5.



Isaisip

PANUTO: Punan ng tamang mga salita ang mga patlang ayon sa iyong pagkaunawa sa aralin upang mabuo ang pangungusap.

Sa tulong ng aking guro at sa pamamagitan ng modyul na ito, lubos ko nang naunawaan ang _____. Mahalaga ang pagsasagawa ng interbyu dahil _____
_____
_____

Natutuhan ko rin na ang tatlong uri ng interbyu ay ang sumusunod:
_____
_____
_____

Nalaman ko rin na may mga dapat isaalang-alang sa pagsasagawa ng aktuwal na interybu. Ilan sa mahahalagang paalala na dapat tandaan ay ang sumusunod:
_____
_____
_____
_____
_____



Isagawa

Panuto: Sumulat ng isang maikling sanaysay ukol kahalagahan ng interbyu sa pagsulat ng isang artikulong pang-isports, maaring gamitin gabay ang pamantayan sa ibaba sa pagsulat ng sanaysay

Bakit mahalaga ang interbyu sa pagsulat ng artikulong sports?

Pamantayan sa Pagbibigay ng Puntos sa Sanaysay	
Orihinal	20%
Nilalaman ng sulatin	40%
kalinisan	10%
Pagkakaayos ng kaisipan	30%
Kabuuan	**100%**



Tayahin

Panuto: Piliin ang sagot sa loob ng kahon upang mabuo ang diwa ng mga pangungusap tungkol sa pagsasagawa ng aktuwal na interbyu.

pagpapaunlak	sarili
tiyak	layunin
pahayag	mata
tanong	magalang
magpasalamat	magkuwento

1. Ipakilala ang _____ at banggitin ang publikasyong kinabibilangan.
2. Magpasalamat sa _____ ng interbyu.
3. Bago magtanong, ipaliwanag ang _____ ng interbyu.
4. Sabihing ire-rekord ang buong interbyu upang maging mas _____ sa impormasyon makukuha.
5. Tingnan sa _____ ang ininterbyu.
6. Igalang ang off-the-record na _____ ng iniinterbyu.
7. Kung may mga sagot na hindi gaanong maintindihan, ipaulit ito o hingian ang iniinterbyu ng karagdagang paliwanag sa _____ na paraan.
8. Magbato ng karagdagang _____ kung kailangan.
9. Hayaang _____ ang iniinterbyu.
10. Panghuli, _____.



Karagdagang Gawain

Panuto: Isaisahin ang mga hinihingi sa bawat gawain.

A. Tatlong Uri ng Interbyu sa Pamahayagan:

1. _____
2. _____
3. _____

B. Mga Hakbang Bago ang Aktuwal na Interbyu:

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____
6. _____
7. _____

C. Mga Hakbang sa Aktuwal na Interbyu:

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____
6. _____
7. _____
8. _____
9. _____
10. _____

Susi sa Pagwawasto

Tayahin

1.sarili

2.pagpapaunlak

3.layunin

4.tiyak

5.mata

6.pahayag

7.magalang

8.tanong

9.magkuwento

10.magpasalamat

Subukin

1. TAMA

2. TAMA

3. MALI

4. TAMA

5. MALI

Balikan

1.D

2.A

3.C

4.B

5.C

Mga Sanggunian

Matienzo, Narciso V. at Matienzo, Rosalina C. (2002). Ang Bagong Pamahayagan sa Filipino (Binagong Edisyon). Mandaluyong City: National Book Store, Inc.

Orellana, Joel L. at Juanito N. Anot, Jr. (2017). Filipino sa Piling Larangan (Sports). Manila: Rex Book Store.

Viola, Bennedick T. (2016). Filipino sa Piling Larangan (Isports). Malabon City: Jimczyville Publications.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph